

Patuloy na mga Patakaran sa COVID-19 para sa mga Amo (Employers)

Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Los Angeles County

ANG PANDEMYANG COVID-19 AY PATULOY NA INILALAGAY SA PANGANIB ANG MGA MANGGAGAWA AT ANG KOMUNIDAD.

Ang mga amo (employers) ay dapat na maging alisto at magpatuloy na protektahan ang kanilang manggagawa at ang komunidad sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang sa pagkontrol ng impeksyon at pag-uulat sa mga kaso ng COVID-19 sa Pamublikong Kalusugan.

1/5/22: Binago upang ilarawan na ang Utos ng Opisyal ng Kalusugan ng County ay nag-aatas na ngayon na ang mga amo (employers), epektibo Enero 17, 2022, na magbigay at atasan ang mga empleyado na magsuot ng isang lapat ang pagkakakasya na medikal na gradong maskara, pang-operang maskara, o mas mataas na antas na respireytor, tulad ng isang N95 na nagsasala na pangmukhang respireytor, o KN95 sa lahat ng oras, habang nasa mga panloob na lugar sa lugar ng trabaho. Binago rin upang magdagdag ng kamakailang mga pagbabago sa mga patakaran ng Cal/OSHA ETS, epektibo Enero 14, 2022.

Ang dokumentong ito ay ibinubuo ang patuloy na mga patakaran na dapat ay patuloy na sundin ng mga amo alinsunod sa estado, county at mga lokal na panuntunan. Mangyaring tingnan ang mga naka-ugnay (links) sa ibaba para sa mas marami pang detalyadong impormasyon tungkol sa mga patakaran, kabilang ang mga kadalasang katanungan (FAQs).

MGA PATAKARAN:

Ang mga amo (employers) na may mga lokasyon sa Los Angeles County ay inaatasan na sundin ang:

- 1 **Ang Utos ng Opisyal ng Kalusugan ng County (The County Health Officer Order o HOO)** sa ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/reopening-la.htm#orders at ang Toolkit ng Negosyo para sa Pagsisiguro ng Kaligtasan at Pagsunod sa mga Utos ng Opisyal ng Kalusugan sa ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/business-verification.htm.
- 2 **Mga Pansamantalang Pamantayan sa Emerhensya (Emergency Temporary Standards o ETS) ng Cal/OSHA** sa dir.ca.gov/covid.

Ang mga amo na may mga lokasyon sa Lungsod ng Los Angeles ay maaari ring atasang sumunod sa:

- 3 **Ordinansa sa Pagpapabakuna ng Lungsod ng Los Angeles** sa ewddlacity.com/index.php/recovery/safepassla. Ang mga Kadalasang Katanungan (FAQs) ay makukuha sa ewddlacity.com/index.php/safepassla-faqs.

Mangyaring tandaan na kung saan ang mga patakaran ay nag-iiba, ang mas mahigpit na mga direktiba ang masusunod.

1 MGA PATAKARAN SA UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN NG COUNTY:

Pag-uulat sa mga Kaso ng COVID-19 sa Lugar ng Trabaho:

- Kapag ang alinmang negosyo ay may nalalaman na tatlo (3) o mas marami pang mga kaso ng COVID-19 sa hanay ng kanilang mga empleyado (o mga independiyenteng kontraktor sa mismong lugar o mga pansamantalang empleyado) sa loob ng 14 na araw, ang amo (may-ari/manedyer/nagpapatakbo ng negosyo) ay dapat na iulat ang pagsiklab na ito sa Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821, o online sa <http://www.redcap.link/covidreport>.

Kapag may isa o mas marami pang mga empleyado, itinalaga o nakakontratang manggagawa, o mga boluntaryo ng negosyo ay positibong nasuri para sa, o may mga sintomas na tumutugma sa COVID-19 (kaso), ang amo ay dapat na may protokol na iniaatas ang pagbubukod ng (mga) kaso sa bahay at nag-aatas ng agarang pagkukulong ng sarili (self-quarantine) ng lahat ng mga empleyado na malapitang nakasalamuha ng (mga) kaso maliban kung hindi saklaw.

Mga Maskara sa Mukha:

- Ang mga maskara sa mukha ay inaatasa para sa lahat ng mga indibidwal (kabilang ang mga empleyado) sa mga panloob na

Patuloy na mga Patakaran para sa mga Amo (Employers)

pampublikong kapaligiran, mga negosyo at sa mga panlabas na Malalaking Kaganapan o Mega Events (mga kaganapan na may higit sa 5,000 ang dumadalo). Ang mga halimbawa ng kapaligiran kung saan ang mga maskara ay dapat na isuot ay kinabibilangan ng (ngunit hindi limitado sa) tingian [retail], mga restawran, teatro, panlabas na konsiyerto, sentro ng panlibangang pampamilya, pagpupulong, at mga opisina ng estado at lokal na nagsisilbi sa publiko. Mangyaring tandaan na ang mga patakarang ito ay mas mahigpit kaysa sa mga patakaran ng Cal/OSHA at Gabay ng Estado at dapat na sundin.

- Sa lalong madaling panahon na praktikal, ngunit hindi lalampas ng Enero 17, 2022, ang mga amo (employers) ay dapat na magbigay at atasan ang mga empleyado na magsuot ng lapat ang pagkakakasya na medikal na gradong maskara, pang-operang maskara, o mas mataas na antas na respireytor tulad ng isang N95 na nagsasala na pangmukhang respireytor o KN95, sa lahat ng oras habang nasa mga panloob na lugar sa lugar ng trabaho.

Pagpapabakuna para sa mga lokasyon na may mga pahintulot ng kainan na may mababang panganib:

- Ang mga empleyado sa mga nightclub, lounge, bar, gawaan ng serbesa, distilyerya at gawaan ng alak na may pahintulot ng kainan na may mababang panganib ay dapat na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19. Ang mga kostumer na gumagamit ng mga panloob na bahagi ng mga negosyong ito ay dapat na magpakita rin ng patunay ng ganap na pagpapabakuna laban sa COVID-19 bago makapasok.

Pagpapabakuna/Pagsusuri para sa mga Malalaking Kaganapan o Mega Events:

- Ang mga kostumer sa mga panloob na Malalaking Kaganapan o Mega Events (mga panloob na kaganapan na may higit sa 500 ang dumadalo) at panlabas na Malalaking Kaganapan o Mega Events (mga panlabas na kaganapan na may higit sa 5,000 ang dumadalo) ay dapat na ipakita na sila ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19 o magpakita ng resulta ng negatibong pagsusuri sa virus (viral) ng COVID-19 na kinuha sa loob ng 2 araw bago makapasok (PCR) o 1 araw bago makapasok (antigen).

2 MGA PANSAMANTALANG PAMANTAYAN SA EMERHENSYA SA COVID-19 NG CAL/OSHA:

Ang mga amo (employers) ay dapat na may nakasulat na Programa sa Pagpigil sa COVID-19, na kinabibilangan ng:

- Pagsasanay at tagubilin sa empleyado sa mga panganib ng COVID-19;
- Proseso sa pagsasala sa sintomas ng empleyado;
- Akses ng empleyado sa pagsusuri sa COVID-19;
- Plano na tumutugon sa mga kaso ng COVID-19 sa lugar ng trabaho;
- Protokol sa maskara sa mukha ng empleyado;
- Plano para huwag isama ang mga may kaso ng COVID-19 sa lugar ng trabaho hanggang sa matugunan ang mga patakaran ng pamantayan sa pagbabalik-trabaho.

Mga Maskara sa Mukha:

- Ang mga amo (employers) ay dapat na magbigay sa mga hindi pa nabakunahang empleyado ng mga maskara sa mukha na may hindi bababa sa dalawang patong. MANGYARING TANDAAN na ayon sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan ng County, ang lahat ng mga empleyado, hindi alintana ang katayuan sa pagpapabakuna, ay dapat na magsuot ng maskara sa mukha kapag nagtatrabaho sa mga panloob na lugar (indoors), sa pinagsasamahang sasakyan, o sa panlabas na Malaking Kaganapan o Mega Event.
- Ang mga amo (employers) ay hindi dapat gumanti laban sa o dismayahin ang sinumang empleyado mula sa pagsusuot ng maskara sa mukha.

Personal na Pamprotektang Kagamitan:

- Ang paggamit ng mga N95 respireytor ay boluntaryo ngunit ang mga amo (employers) ay dapat na ibigay ang mga ito sa sinumang empleyado na hindi pa ganap na nabakunahan kapag hiniling. Dapat na kumasya sa empleyado ang mga N95 respireytor, at ang empleyado ay dapat na tumanggap ng pangunahing tagubilin sa kung paano magkakaroon ng mainam na "pagkakatapat", o pagkasya.
- Dapat na palitan ang mga N95 respireytor kung ang mga ito ay masisira, mababago ang anyo, marurumihan, o mahirap na hingahan.
- Inirerekomenda ng CDC na mapalitan ang mga N95 respireytor pagkatapos ng 5 paggamit.

Kalinisan ng Kamay:

- Hikayatin at magpahintulot ng oras para sa paghuhugas ng kamay ng empleyado. Magbigay ng aprubadong mga sanitizer para sa kamay para gamitin ng mga empleyado.

Bentilasyon:

- Dapat na suriin ng mga amo (employers) ang mga sistema ng bentilasyon upang mapalawig ang panlabas na hangin at madagdagan ang kahusayan sa pagsasala at suriin ang paggamit ng mga karagdang sistema sa paglilinis ng hangin.

Protokol sa Pagsusuri sa COVID-19 at Abiso ng mga Pagkakatapat sa Lugar ng Trabaho:

- Mag-alok ng pagsusuri na libre sa pagsingil at sa mga oras ng trabaho sa sinumang mga manggagawa na maaaring nalantad sa COVID-19 sa trabaho, kabilang ang ganap nang nabakunahang mga manggagawa.
- Abisuhan ang mga empleyado, mga kinatawan ng empleyado, at sinumang iba pang mga manggagawa sa lugar ng trabaho sa maaaring pagkakatapat sa COVID-19 sa loob ng isang araw ng negosyo (business day).

Mga Karapatan sa Bayad at Bakasyon ng mga Manggagawa:

Patuloy na mga Patakaran para sa mga Amo (Employers)

- Panatilihin at ipagpatuloy ang mga sahod, kita, at mga karapatan at benepisyo ng mga empleyado habang sila ay inaatasan na lumayo mula sa lugar ng trabaho dahil alinman sa kanila ay may kaso ng COVID-19 o nalantad sa COVID-19 sa lugar ng trabaho.

Mga Patakaran sa Pag-uulat at Pagkontrol (Mitigation) ng Pagsiklab ng COVID-19:

- Iulat ang impormasyon tungkol sa mga kaso at pagsiklab ng COVID-19 sa lugar ng trabaho sa kagawaran ng lokal na kalusugan at magbigay ng anumang impormasyon sa pagsiklab na may kinalaman sa COVID-19 na hiniling ng kagawaran ng lokal na kalusugan.
 - Kapag may **3 o mas marami pang mga kaso ng COVID-19 sa mga empleyado sa lugar ng trabaho**, suriin ang pangangailangan na ipatupad ang distansyang pisikal at mga partisyon sa pagitan at sa hanay ng mga empleyado at ng publiko.
 - Kapag may **20 o mas marami pang mga kaso ng COVID-19 sa mga empleyado**, na bumubuo bilang isang napakalaking (major) pagsiklab, ang mga amo (employers) ay dapat agad na:
 - Gawing makukuha ang pagsusuri ng lahat ng mga empleyado na nasa nalantad na grupo, hindi alintana ang katayuan sa pagpapabakuna, dalawang beses sa isang linggo o mas madalas pa kung inirerekomenda ng kagawaran ng lokal na kalusugan.
 - Gumamit ng distansyang pisikal at mga harang para sa lahat ng mga empleyado, hindi alintana ang katayuan sa pagpapabakuna.
 - Mag-alok ng mga respireytor para sa boluntaryong paggamit ng lahat ng empleyado, hindi alintana ang katayuan sa pagpapabakuna, at ng hindi naghihintay ng isang kahilingan mula sa empleyado.

3 MGA PATAKARAN SA ORDINANSA NG PAGPAPABAKUNA SA LUNGSOD NG LOS ANGELES:

Pagpapatunay sa pagpapabakuna

- Ang ilang mga partikular na negosyo (tingnan sa ibaba) na may mga lokasyon sa Lungsod ng Los Angeles ay inaatasang patunayan na ang mga kostumer na pumapasok sa mga panloob na bahagi ng kanilang negosyo ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19. Ang patakaran sa pagpapabakuna ay hindi lumalapat sa mga empleyado.

Karatula:

- Ang mga negosyo na sumasailalim sa Ordinansa ng Pagpapabakuna ay dapat na magpaskil ng karatula upang ipaalam sa mga kostumer ang patakaran sa pagpapabakuna.

Mga Negosyong Napapailalim sa Ordinansa ng Lungsod ng LA

Ang Ordinansa sa Pagpapabakuna ay lumalapat sa mga sumusunod na uri ng mga negosyo na matatagpuan sa Lungsod ng Los Angeles:

- Mga establisyemento ng pagkain at inumin kabilang ang mga restawran, bar, establisyemento ng madaliang pagkain (fast food), kapihan, kapiterya, pwesto ng mga kainan (food court), bulwagan (banquet hall), at lugar ng sayawan (ballroom) ng hotel.
- Mga lugar ng pagdarausan ng gym at ehersisyong pangkatawan (fitness)
- Mga lugar ng pagdarausan ng pag-aaliw at libangan kabilang ang mga sentro ng pamimili (shopping centers), sinehan, bowling alley, arkadya, silid ng baraha, sentro ng pampamilyang libangan, palaruan, lugar ng pagdarausan ng kasalukuyang harapang (live) pagtatanghal, lugar ng pagdarausan ng kaganapang komersyal at salo-salo o party, arena ng palakasan, sentro ng kumbensyon at mga bulwagan ng eksibisyon at mga museo.
- Mga establisyemento ng personal na pangangalaga
- Mga panloob na pasilidad ng lungsod kabilang ang Munisipyo (City Hall), mga sentro ng matatanda (senior centers), sentro ng libangan at mga sentro ng serbisyo.

i PARA SA MAS MARAMI PANG IMPORMASYON:

Cal/OSHA: Para sa impormasyon tungkol sa COVID-19, pagpigil sa sakit dulot ng init at proteksyon sa usok ng apoy sa lugar ng trabaho o para makipag-usap sa isang nagsasalita ng dalawang wika (bilingual) na kinatawan ng Cal/OSHA sa mga normal na oras ng negosyo, mangyaring tawagan ang 833-579-0927.

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County: Para sa anumang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnay sa aming programa ng Pakikipag-ugnayan sa Industriya (Industry Engagement) sa (626) 430-5320.

Lungsod ng Los Angeles: Para sa mga katanungan, pagkabahala o tulong, i-email ang Yunit ng Pagtugon sa Negosyo (Business Response Unit) ng EWDD sa mailto:labusinessresponse@lacity.org. Mangyaring repasuhin ang listahan ng [Mga Kadalasang Katanungan](#) para sa mga pangkaraniwang pagkabahala at pagtatanong.